# INTERNATIONAL NAPASA (July 8, 2025)

## 1）IMPORMASYON UKOL SA OPEN MARKET NA SUNSUN　・MARCHE

青空市場「サンサン・マルシェ」のお知らせ

Sa July 13 (Sunday) ay magkakaroon ng open market na “***SUNSUN・MARCHE”*** sa ***SHONAN KAIGAN PARK*** sa Takahamadai. Ang Oras ay mula 10:00 ng umaga hanggang alas 2:00 ng hapon. Makabibili ng mga handmade na accessories at masasarap na pagkain sa Kichen Car. At ang paradahan ng sasakyan dito ay libre. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-31-7211 (0463-31-7211).**

## 2) SCHEDULE NG LABAN NG SHONAN BELLMARE SA LEMON GAS STADIUM

湘南ベルマーレのレモンガススタジアムでの試合予定のお知らせ

Sa July 19 (Saturday) ay may schedule ng laro ang ***SHONAN BELLMARE*** laban sa ***CEREZO OSAKA.*** Ang oras ng umpisa ng laban ay mula 7:00 ng gabi. At ang ticket na hindi nakareserba ang upuan kung bibilhin ng maaga ay nagkakahalaga ng **¥ 2500** para sa matatanda, at **¥ 900** naman sa mga mag-aaral ng nasa elementarya, Junior High School at High School. Kung bibilhin sa takdang araw ng laban ay may karagdagang **¥ 500.**

## 3) IMPORMASYON UKOL SA “DENTAL HEALTH FESTIVAL”

歯の健康フェスタのお知らせ

Sa July 13 (Sunday) ay magkakaroon ng ***”DENTAL HEALTH FESTIVAL”.*** Ang oras ay mula 10 ng umaga hanggang hanggang 11 ng tanghali sa Hiratsuka Cultural and Arts Center. Magkakaroon ng lektura mula sa doktor ng mga ngipin ukol sa ***“PAG-AALAGA NG BIBIG SA PANAHON NG PANDEMYA”.*** Mayroon ding ekhibisyon ukol sa kalusugan ng mga ngipin, at ang pagdalo dito ay walang bayad. Para sa iba pang katanungan ay maaaring tumawag sa ***HIRATSUKA CITY MEDICAL ASSOCIATION.*** Telephone No.**0463-26-8255 (0463-26-8255).**

## 4) UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG AGOSTO

8月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***TAICHI EXERCISE, YOGA, FAT BURNING EXERCISE*** at iba pa.

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay hanggang sa July 15 (Tuesday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing Foundation.

## 5) IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa July 16 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no Youkan. Mula 11:00 hanggang 12:00 ng tanghali ay magkakaroon ng ***"Summer Colorful Concert"*** ang Otomachi Club at mula 6:00 hanggang 7:00 ng hapon ay isasagawa naman ng grupo ng 4 na tao ang ***"Showa hanggang Heisei Famous Music Concert".***

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng lugar ay hanggang 60 taong naunang dumating. Para sa mga katanungan ay makipag-alam sa Telephone No. **0463-35-7114 (0463-35-7114).**